

1

Tahimik na pinanood ni Andrei ang mga larawan sa projector screen. Iisa ang subject na naroon. It was a *she*.

Female.

Age: 26

Height: 5'6"

Weight: 110 lbs

Hair: Black

Eyes: Dark brown

Skin: Olive

Inalala niya ang iba pang impormasyong nabasa niya. Single and currently unattached, Karen de Castro was the co-owner of an events and publicity company.

Si Karen de Castro ay anak ng isang retired general na pinaghihinalang involved sa mga illegal activities ng mga rebelde sa pamahalaan.

Nag-iisang anak na lang si Karen. Ang panganay

Proposal At Sunset - Carla Giopaolo

na kapatid nitong lalaki ay namatay may limang taon na ang nakakaraan.

Bilang events manager, malimit magbiyahe ang babae sa iba't ibang bayan sa buong Pilipinas.

Siya ang misyon ni Andrei Soriano.

Ginambala ang tahimik niyang panonood sa mga larawan ng pagbulong ng kanyang katabing si Erman, kaibigan niya at long-time partner.

“Ang ganda niya, ano? Ang suwerte mo, Andrei. Kung sakali at magbago ang isip mo sa pagtanggap ng misyong ito, hindi ko tatanggihan ’yan.”

Sa dilim ay tiningnan niya nang matalim ang kasamahan. Pero bago pa man siya nakapagsalita ay nagbukas na ang ilaw ng audio-visual room na kinaroroonan nila.

Lumapit sa kanila ang regional director na kanyang immediate supervisor at iniabot sa kanya ang print-out ng mga pinanood nilang larawan kasama ang ilang sets ng mga dokumentong may kinalaman sa kaso.

“Trabaho mo, Andrei, na mapalapit kay Karen de Castro. She is believed to be the strongest link to her father. Hanggang ngayon ay nakatira pa siya

sa bahay ng kanyang ama. Kaya kung magkakalapit kayo, magkakaroon ka ng access sa bahay ng heneral. That should make your job easier.”

Tumango siya. Sanay na siya sa mga undercover assignments pero unang pagkakataong dito sa Maynila siya na-assign. At unang pagkakataon iyon na kailangan niyang mapalapit sa kanyang *subject*.

Nanatiling nakatingin ang director kay Andrei. May concern sa mga mata nito. Mahigit apat na taon na niyang supervisor ang nakakatandang lalaki at sa loob ng panahong iyon, para na ring anak ang turing nito sa kanya. Sa kanilang lahat na under nito ay isa itong istrikto ngunit mapag-alagang magulang.

“Huwag mo lang din kakalimutan na may posibilidad na hindi inosente si Karen sa hinihinala nating ginagawa ng kanyang ama. It is very likely that the girl is involved,” paalala nito.

“Yes, Sir. I understand,” sagot niya with the casual coolness kung saan siya kilala ng mga kasamahan sa trabaho. Common knowledge iyon sa buong department niya. Nothing could rattle Andrei Soriano’s nerves.

Muling sumingit si Erman sa usapan. “Pero, Pare, inuulit ko lang na kung magbago ang isip mo talaga,

tatanggapin ko nang maluwa ang trabahong ito. Whew! Napansin mo ba ang legs ni Bb. De Castro?”

“Erman,” natatawang salo ng regional director.

“Yes, Sir.”

“Tumingin ka na ba sa salamin lately?”

“Sir?”

“May isa pang dahilan bukod sa abilidad kung bakit si Andrei ang naka-assign sa project na ito.”

“Ano po iyon, sir?”

“Tingnan mo si Andrei ’tapos ay tumingin ka sa salamin, malalaman mo.”

Nagtawanan ang lahat sa silid kasama na sina Andrei at Erman. Sa height at pangangatawan ay halos magkapareho ang dalawa. Doon din natatapos ang pagkakaparehas nila. Whereas mukhang goon sa mga pelikula noong 70’s si Erman, si Andrei ay mukhang modernong leading man.

Muling ibinalik ng regional director ang tingin sa kanyang paboritong agent. “Kidding aside, Andrei, I want you to be really really careful. Masyadong kaunti ang totoong alam natin sa kakaharapin mo. At alam mo naman na mas kaunti ang alam natin,

mas malaki ang peligro.”

“I am aware of that, Sir,” sang-ayon niya. “Huwag kayong mag-alala. I will take all the necessary precautions.”

“Yes, Dad. Hindi ko po kakalimutan. Thursday next week, eight p.m., yes. Birthday dinner ni Bianca diyan sa bahay. Aayusin ko na po ang schedule ko. I will be there. I promise. 'Bye. I love you.” Ibinaba ni Karen ang telepono bago nagbuntong-hininga.

Paano kaya niya isisingit ang okasyon sa kanyang schedule? May joke na nga sa opisina nila na mas busy pa siya sa presidente.

Bahala na. Hindi niya puwedeng tanggihan ang ama. As it was, kahit magkasama na sila sa isang bahay ay bihira pa silang magkita nang matagal dahil sobrang dami ng ginagawa niya ngayong mga panahong ito.

Tumunog ang intercom niya.

“Karen, Mr. Soriano is here.” Boses iyon ng kanilang receptionist.

Tumingin siya sa relo sa kanyang braso. Eksaktong eleven o'clock ng umaga. Iyon ang appointment

time ng sunod niyang kliyente. Pakiramdam niya ay talagang mahaba ang araw na ito. Alas once pa lang ay pangatlong meeting na niya dahil may isa siyang kliyente na nagpumilit ng breakfast meeting kanina.

Muli siyang nagbuntong-hininga. At least, this client was punctual. At dahil maaga ito, ibig sabihin ay matatapos ang meeting nang maaga-aga rin. Kung susuwertehin siya, she could actually have a decent lunch.

Tama ba iyon? How was she reduced to this kind of person na ang tanging ambisyon na lang ay makapananghalian nang maayos?

“Okay. Ginny, pakihatid na lang siya sa conference room. Offer him a drink or something. I’ll be there in a minute. Thanks,” malumanay na utos niya sa sekretarya, receptionist at girl-Friday na rin ng opisina.

Tumayo na siya, kinuha mula sa desk drawer ang isang bagong notepad at ang paborito niyang ceramic pen na may kulay violet na ink. Binitbit na rin niya ang mga dokumentong nakahanda sa mesa niya para sa meeting na iyon.

Palapit na siya sa pintuan ng silid nang pumasok si Wally—business partner at best friend niya mula

pa noong college. Artistic director din ito sa kanilang kompanya.

“Sister, nakita ko na soulmate ko!”

Nakasandal ito sa pintuan ng kanyang opisina nang sabihin iyon. Tulad ng isang tunay na drama queen.

Ngumiti siya sa kaibigan.

Bakla si Wally. Matangkad ito, parang male model kung magbihis, maputi and good-looking in a slightly effeminate way. Kung makakasalubong lang ito sa mall nang hindi nagsasalita, papasa itong straight na male actor.

“Akala ko ba si Dexter ang soulmate mo?” tanong niya.

“Ay, ano ka ba, Sister? Dexter is old news,” sagot nito papalapit sa kanya. Umupo ito sa gilid ng desk niya tapos ay bahagyang humilig sa kanyang direksyon. “Hmm, Sis, are you sure na hindi mo ako kailangan sa meeting mo sa conference room?”

“Ah. Do I take it na iyong client ko sa conference room ang sinasabi mong soulmate?”

“Oh, my God, Sister,” palatak nito. “This one is definitely it. Sobrang yummy. Kung nagugutom ka,

magbaon ka na lang ng kanin sa conference room.”

Natawa siya kung paano sinabi iyon ng kaibigan. Parang gusto talaga nitong tikman ang taong kakausapin niya. Pero with Wally, ang mga salitang bulgar kung ibang tao ang magsasabi, nakaka-amuse lang kung nanggagaling dito.

“You know, kailangan sana kita talaga sa meeting na ito. But I thought may lunch date ka sa Makati kaya hindi na kita muna isinali,” paliwanag niya.

“Lunch *meeting*,” pagtatama nito. “Yeah, I almost forgot about that. Kay Mr. Butthead.”

‘Butthead’ ang tawag nito sa isang brand manager ng fruit juice in can na ila-launch nila sa susunod na buwan.

“It’s not fair. Bakit ka-meeting mo pang-action hero ’tapos ako pang-horror?” kunwaring pagmamaktol pa nito.

“Oh, well, such is life. Sometimes I get lucky,” tugon niya. “O, siya na. I have to go.”

Naka-pout pa rin ito. “Sige na nga. I have to go na rin. Sa iyo na lang si Mr. Dreamboat.” Itinaas nito ang kamay para ayusin ang kanyang buhok. May ilang hiblang tumakas mula sa pagkakapusod niya. “Alam

mo, Sis, kung lalaki lang ako, ikaw ang liligawan ko. Pero dahil nga nagkataong diyosa rin akong gaya mo, aaminin ko na ang totoo—mas bagay kayong dalawa. Baka nga maisipan ko na ring ipag-pray kay Lord na magkatuluyan kayo.”

“Wally!” May tono ng paalala ang pagkakasabi niya sa pangalan nito.

“Okay! Okay! I know. Hindi ka interesado. Ewan ko ba sa iyo kung bakit hanggang ngayon, hinihintay mo pa rin ’yung Christian na iyon.”

“Wally,” muling suheto niya. “Baka may makarinig sa iyo.”

Eksaheradong bumulong ito. “Sorry, I keep on forgetting na secret si Christian. Saan ka naman kasi nakakita ng karelasyon na dapat isekreto ang existence?” Nilakasan nito ang sumunod na sinabi. “You need to get a life, Sis. Gotta move-on...”

Pinigilan na niya ang sarili na magsalita pa. Hindi magandang topic sa kanilang magkaibigan si Christian. Hindi nito naiintindihan ang tungkol doon. Mas mabuti pang hindi na nila inuungkat ang tungkol doon. Besides, hindi iyon ang tamang oras. May naghihintay sa kanya.

“Wally, I really have to go and see Mr. Soriano.”

“Perfect. See Mr. Soriano,” utos nito. “He might just change your life.”

Malapit na si Karen sa conference room ay apektado pa rin siya sa sinabi ng kaibigan. She wished Wally would stop talking about her love life dahil kahit dapat ay sanay na siya, affected pa rin siya.

Maraming bagay sa kanyang buhay ang kinailangan na lang niyang tanggapin. Sinusubukan niyang huwag na masyadong mag-isip tungkol doon. Kaya nga kahit pagod siya, mas pinipili pa rin niyang maging laging abala.

Pinilit niyang ngumiti pagpihit ng pintuan ng conference room. Kung mayroon man siyang natutunan sa business na ito, iyon ay ang obligasyon na kahit ano pa ang nararamdaman niya, isang professional, smiling face pa rin ang dapat iharap sa mga kausap.

Binuksan niya nang tuluyuan ang pinto ng silid.

Bahagya siyang napatda nang makita ang nakaupo sa sofa ng client lounge. Nakalimutan niya ang diskusyon nila ni Wally sa kanyang silid.

Guwapo. Walang ibang paraan para i-describe

ang lalaking iyon. Maliban na lang siguro kung sasabihin niyang wala itong kasing-guwapo. Itim na itim na buhok na mukhang hinipan ng malakas na hangin kahit nasa airconditioned room, mga matang kailangang makita mo nang harapan para paniwalaan. And his smile was a killer.

“Hi,” bati nito.

Pati boses ay guwapo. Agad itong tumayo pagkakita sa kanya.

Lumapit siya rito at iniabot ang kamay. “Good morning! I’m Karen de Castro.” Professional at friendly ang tono ng bati niya.

“Andrei Soriano.” He accepted her hand.

Hindi niya alam kung imahinasyon niya lang o talagang mas matagal sa normal ang pagkakamay na iyon.

“Mr. Soriano, thank you so much for considering *Verona Events* for this project,” simula niya.

“You come highly recommended,” simpleng sabi nito. “But please, let’s dispense with the formalities. Call me ‘Andrei’.”

“Right. Andrei,” ulit niya bago muling ibukas ang dalang notebook bilang signal ng pagsisimula ng

meeting. “So, base doon sa requirements na in-e-mail sa amin, these are what can we do for you...”

Sinimulan niya ang paglalatang ng mga options para sa kliyente. Sinasabi niya ang mga advantages ng bawat pagpipilian at kung ano ang mga posibleng problems na puwedeng ma-encounter.

Tinitigan ni Andrei ang mukha ng dalaga. *She is really beautiful*, naisip niya. Her pictures did not do her justice at all. Maganda ito sa mga larawang iyon pero iba si Karen sa malapitan.

She had long black hair na parating animo’y kumakawala sa pagkakapusod which gave her a somewhat seductive air, long curly eyelashes na nagtatapon ng anino sa makinis na pisngi tuwing ibababa nito ang paningin, and a long graceful neck. Her skin looked soft and smooth.

Habang nagbibigay ang dalaga ng mga suggestions kung ano ang puwedeng gawin sa isang fundraising dinner-concert na siyang proyektong inilalapit niya rito bilang cover sa mission niya, he realized that he was actually wondering how her skin would feel like.

“What do you think?”

Nagulat pa siya sa tanong nito.

“Perfect,” hindi nag-iisip na tugon niya.

Nagkunot ito bahagya ng noo pero nanatiling nakangiti. “Which one, Andrei?”

Nag-sink in sa kanya na pinapapili siya nito mula sa mga options na ibinigay. Kasabay noon, na-realize niya na wala siyang naintindihan sa presentation nito dahil sa katititig niya sa babae.

He gave what he thought was a safe answer. “Kahit alin.”

Natawa ang dalaga. “I’m not sure if—”

Tumingin ang binata sa relo. “Look, Karen, it’s almost twelve. Okay na sa aking ipagkatiwala sa inyo ang project na ito. Do as you see fit. I know very little about these things anyway. Hindi ko nga alam why I was assigned to supervise this dinner-concert in the first place. Now, where do I sign?”

Inabot niya mula rito ang isang service contract na standard para sa ganitong events. Binasa niya iyon at pinirmahan, pagkuwa’y naglabas siya ng checkbook. Stipulation kasi sa kontrata ang down payment upon signing.

Nang matapos ang transaksyon ay inimbitahan

niya ito para sabay na silang mag-lunch.

Nakita niya ang bahagyang pag-aalangan sa mukha nito. It was barely visible pero sanay siya sa pagbasa ng maliliit na detalye.

“To seal the deal?” sabi niya. Alam niya kasing hindi nito matatanggihan iyon. She was, after all, still a PR person.

Tama ang strategy niya.

Sumang-ayon ang dalaga. “All right,” nakangiting sagot nito.

He realized that her smile was doing something to him.

What was happening to him? May mga kinailangan siyang ipaalala nang madalian sa sarili niya. Trabaho ang nagdala sa kanya sa tabi ng dalagang ito. At tulad ng isang tunay na professional, he would do his job with as little or no emotional involvement as possible.

2

Pasimpleng inobserbahan ni Karen si Andrei habang kumakain ito. Again it struck her how incredibly handsome he was.

Sa uri ng trabaho niya, tatlo piso na yata ang mga guwapo na nakakasalamuha niya. Napakarami na nila. Pero may kaibahan ang pagkaguwapo ng lalaking kaharap niya ngayon.

There was something very vital about him. He seemed so strong, so dependable...

“I hope pasado ang score ko?”

Naputol ang pinatutunguhan ng pag-iisip niya nang biglang magsalita ang binata. Namula siya nang ma-realize niya na ang implikasyon ng sinabi nito ay alam nitong nakatitig siya.

“I wasn’t...” Nagsimula siyang tumutol pero nagbago ang isip niya. “All right, I’m sorry. I was staring pero hindi naman kita nire-rate.”

May amusement sa mga mata nito nang nakangiti itong nagsalita. “Karen, it’s all right. I was just kidding.”

Proposal At Sunset - Carla Giopaolo

“Oh.” Sumubo siya ng pagkain, ngumuya nang tahimik at uminom ng tubig.

Ibinalik niya ang tingin dito bago muling nagsalita.

“Nine.”

Muntik nang matapon ang iniinom ng kaharap.

“Nine?” Ulit nito, kunwari’y disappointed sa score na ibinigay niya.

“Yeah. To be fair, I am reserving one point for character. Maybe if I get to know you better...” Kagyat niyang pinigil ang gustong sabihin nang ma-realize ang kahulugan niyon.

Para kasing imbitasyon iyon para palalimin ang pagkakilala nila. At sa kanya pa nanggaling.

True enough, ganoon ang interpretasyon ni Andrei sa sinabi niya.

“Puwede namang remedyuhan iyan,” sabi nito.

She instantly felt uncomfortable. Hindi siya makatingin sa binata. Sa halip ay inabala niya ang sarili sa pag-aayos ng mga tent cards na nakapatong sa mesa nila.

Napansin nito ang ginagawa niya. “Did I say

something wrong?”

Pinilit niyang ngumiti. “W-wala naman. May naalala lang ako.”

“Good. Then ibig sabihin, it’s all right if I take you out sometime?”

‘Hindi’ ang dapat na isinagot niya. Iyon ang mas tamang sagot at normally ay standard niyang sagot. Pero nakangiti ang binata sa kanya at sa buong buhay niya, hindi pa yata siya nakatanggi sa lalaking may dimples.

“I think that will be nice. I can always use another friend,” narinig na lang niya ang sariling nagsalita.

Stupid Karen!

Kung sabagay, at least nilinaw niya na pagkakaibigan lang ang iniisip niyang patutunguhan nilang dalawa.

Ngumiti lang ito bilang pag-acknowledge sa kasagutan niya.

Hindi niya mabasa kung ano ang kahulugan ng ngiting iyon. At bago pa siya nakabuo ng ideya kung ano ang maaaring mas malalim na kahulugan niyon, nabago na nito ang topic ng usapan.

Nalibang siya sa pakikipagkuwentuhan dito. Pakiramdam niya, they could talk about anything, laugh about everything. Ngayon lang yata siya nagkaroon ng kagaanan ng loob sa ganoon kaikasing panahon lamang.

Para silang matagal nang magkakilala. Halos hindi na nga nila napansin na naubos na nilang dalawa ang isang palayok ng kare-kare na three to four servings yata.

“Nabusog ka ba?” tanong nito.

Natawa siya. “Are you kidding? I can’t remember a time when I ate this much. Sobra akong busog.”

“Good. Dessert?”

“No. I am really, really full. Thanks.”

“Alam mo ba na nagseserve sila rito ng suman with nata de coco topped with ripe mango and a scoop of ice cream?”

Karen almost groaned. “On second thought—”

Hindi niya natapos ang sasabihin dahil natatawa pa ring kinawayan ni Andrei ang waitress para magorder ng dessert.

Nang matapos na ang dessert ay saka lamang

naalala ni Karen ang next meeting niya.

“Oh, no,” sabi niya sabay tingin sa wrist watch na suot. It was so unlike her to forget the time.

“Problem?”

“Uh-huh. I have a meeting in Quezon City in about twenty minutes. Nalibang ako masyado. I’ll never get there on time.”

“You will.” Siguradong-sigurado ang pagkakasabi niyon. Sinenyasan nito ang waiter para kunin ang bill nila.

“Impossible. Alam mo naman ang EDSA,” sabi niya.

“I’ll take care of it. Ihahatid kita.”

“Huwag na lang,” simulang tutol niya. “I’m sure you’re a busy man.”

“As a matter of fact, wala akong gagawin. So I’m all yours.”

Dahil parang pointless din namang tumanggi, pumayag na rin siyang pahatid kay Andrei sa patutunguhan. Buti na rin dahil hindi ito nagbibiro sa sinabing makakarating siya sa meeting on time. She got there with a couple of minutes to spare.

Proposal At Sunset - Carla Giopalo

Pagdating nila sa parking lot ng building kung saan siya may kakatagpuin, humarap sa kanya si Andrei.

“Thank you talaga, ha,” pasasalamat niya. “I had a great time.”

“You’re welcome. Wala kang kotse so paano ka uuwi?”

“I’ll just take a cab. Madali namang makasakay sa area na ito,” sagot niya.

“Hindi na. Hintayin na lang kita.”

“Andrei, it’s really okay. Sanay akong mag-commute,” pilit niya.

“Karen, it’s okay. I will wait. Then I will drive you back to your office, at least.” Determinado ang tono nito.

Nag-aalangan pa rin siya. “Pero hindi ako sure kung gaano katagal ang meeting ko. Baka mainip ka.”

“I’ll find ways to amuse myself. Puwede naman akong makipaglaro ng pusoy dos kasama ng mga kapwa ko drivers o kapag wala na talaga kaming magawa, magyayaya akong mag cara y cruz.”

Kaharap na niya ang ka-meeting niya ay tawang-

tawa pa rin siya kay Andrei.

Nang matapos ang meeting ay binalikan niya ito sa parking lot. Mukhang may seryosong kausap ito sa cell phone pero kaagad ding ibinaba ang aparato nang makita siya.

He smiled at her. “Where to?” tanong nito.

“Office na po. I just have to finish some paperworks,” sabi niya.

“All right. Back to the office, then.”

Inihatid nga siya nito sa building ng opisina niya, bago tuluyang nagpaalam. Hinala niya ay hindi pa siya nito iiwanan kung hindi niya lang ipinaramdam na sobrang busy talaga siya at marami pang kailangang tapusin.

Hindi niya man aminin, medyo nalungkot siya nang makaalis ito. Kung paanong posible na malungkot matapos mahiwalay sa taong nakilala lamang niya nang araw na iyon ay hindi niya na hinanapan ng paliwanag.

3

Nang sumunod na araw, nagbibihis na si Karen para pumasok sa opisina nang mag-ring ang cell phone niya.

Tiningnan niya ang pangalan sa screen.

Andrei.

Hindi niya napigilan ang mapangiti. Kagabi, pagdating niya ay hindi kaagad siya nakatulog sa kabila ng pagod. Ang lalaki pa rin kasi ang iniisip niya. At nang finally ay dalawin siya ng antok, kasama pa ito sa disjointed niyang mga panaginip.

Sinagot niya ang cell phone. “Hello?”

Gising na gising ang boses sa kabilang linya. “Good morning. I just thought I’d ask you kung kailangan mo ng driver today.”

Natawa siya. “You’re crazy.”

“So I’ve been told,” amin nito. “What are you up to today?”

“Work,” sabi niya.

“Figures. You have time to have coffee with me

after work?”

Pinigil niya na mapabuntong-hininga. “There is no after work for me today, Andrei. Maghapon akong kailangan sa office... then, I have to be in a set-up for a show tomorrow. That usually takes all night.”

“How about lunch break? Puwede naman siguro ulit tayong mag-lunch together?”

A man who doesn't take no for an answer, naisip niya. Sa totoo lang ay gusto rin sana niya ang ideya ng lunch with Andrei kaya lang ay buhol-buhol talaga ang kanyang schedule.

“I'm sorry. I have a lunch meeting.”

Tonong hindi na makapaniwala ang binata nang sunod na magsalita. “Karen, what is it exactly that you do for fun?”

“Hmm...” nag-isip siya sandali, “I work?”

“I thought so. Karen?”

“Yes?”

“Alam ko na. May I just go visit you sa set-up later? I'll bring coffee.”

Naisip niya ang magiging reaskyon ni Wally at ng mga katrabaho nila kapag nakita si Andrei sa set-

up. Malamang maging tampulan siya ng tukso. Pero parang bata ang pagkakatanong nito and she didn't have the heart to say no.

“Okay.” Sa pangalawang pagkakataon mula nang magkakilala sila, narinig na lamang niya ang sarili na pumapayag sa proposisyon nito.

“Okay?” Obvious ang delight sa boses nito.

“Yup.”

Ibinigay niya ang address ng lugar kung saan siya naroon mamayang gabi.

Pagkababa niya ng telepono, saka lamang siya nakapag-isip kung tama ba o hindi ang ginawa. May mga tanong sa utak niya. Ang pagpayag niya bang muling makipagkita rito nang hindi ukol sa business ay nangangahulugan na nawawalan na siya ng loyalty kay Christian?

Bakit kaya halos hindi siya makatanggi kay Andrei at parang ang gaan-gaan ng loob niya rito?

Komportable siya kay Andrei. Parang nakahanap siya ng isang bagong kaibigan. Someone na hindi katrabaho. Someone na puwede niyang kausapin nang hindi tungkol sa trabaho. Isang tao na nakakapagpatawa sa kanya. At higit sa lahat, a person

Proposal At Sunset - Carla Giopaolo

who would spend time to be with her and one who seemed to genuinely like being with her.

Siguro, dahil pagod at ang dami-dami niyang iniisip kaya siya mas vulnerable sa atensyon na ibinibigay nito. Alam niyang vulnerable siya. Kung gayon, bakit niya hinahayaan ang sarili na mapalapit sa binata?

Stop it, Karen! sawata niya sa sarili. Wala kang ginagawang masama. You love Christian at hindi mababago iyon ng pakikipagkaibigan sa ibang lalaki. So stop feeling guilty. You deserve to have fun, too.

Hindi masyadong kumbinsido sa sariling rasyonalisasyon, itinuloy niya ang pagbibihis. Pero sadyain man niya o hindi, she was already looking forward to seeing Andrei that evening.

Si Wally ang sumalubong sa kanya sa set-up nang gabing iyon. Medyo late siya dahil may mga humabol pang trabaho na nangailangan ng atensyon niya bago siya tuluyang nakaalis ng opisina.

Humahangos na lumapit sa kanya and kaibigan.

“Hay Karen, kausapin mo nga ’yang technical director mo para bilis-bilisan ang pagtatayo ng stage

na 'yan,” bungad nito, sabay halik sa kanya sa pisngi.

“Hindi ba trabaho 'yun ng stage manager mo?” nakangiting tugon niya.

Eksaheradong buntong-hininga ang pinakawalan ng kaibigan. “Hay naku, Sister, wala namang ibang pinakikinggan ‘yang *TD* na iyan kung hindi ikaw. Sobra nang pasaway iyan, ha.”

“All right, all right, kakausapin ko na. Alam n’yo hindi ko maintindihan kung bakit parating kayo ang magkasama pero kayo pa ang hindi magkasundo....”

Hindi pa siya natatapos sa sinasabi ay wala na sa kanya ang atensyon ng kausap. Nakatingin ito sa pintuan ng hotel ballroom.

“Tama ba ang nakikita ko? Don’t tell me dinadalaw ako rito ni Mr. Soriano,” may pagkamangha sa boses na sabi nito.

Sinundan niya ang direksyon ng tingin ng kaibigan.

Ang nakita niya ay si Andrei, kapapasok lang ng ballroom, dala ang isang tray ng *Starbucks* coffee. May hawak din itong paper bag na may tatak din ng sikat na coffee shop.

“Andrei!” Kumaway siya para senyasan itong

lumapit sa tabi nila.

Paglapit nito, muli niyang ipinakilala sa binata si Wally.

“Hi!” Malambing ang pagbati ni Wally sa binata. Walang halong ka-pormalan ang pagtanggap nito. Kunwa’y nagpapungay pa ito ng mga mata sa bagong dating.

“Hi, Wally,” ganting bati ni Andrei.

Lumapit pa rito nang bahagya si Wally. “Ano ’yang dala mo?” sabi pa nito na sadyang hindi hinahayaang makapagsalita si Karen.

“Coffee and some donuts.” Iniabot nito ang karton na may ilang cups ng kape sa direksyon nila. “Dinagdagan ko na kasi nga baka may mga kasama si Karen.”

Si Wally ang umabot ng carton tray at paperbag. “You are a lifesaver!”

“Thanks, Andrei.” Nakuha niyang makasingit sa kaibigan para magpasalamat.

Ang tunay na iniisip niya nang sandaling iyon ay how nice it would be to sit beside this gorgeous man and share coffee with him. Kaya lang ay naalala niya na marami pang dapat pag-ukulan ng atensyon.

Proposal At Sunset - Carla Giopaolo

Well, there was only one thing to it. Gawin na kaya niya ang mga kailangan niyang asikasuhan para matapos na? At para na rin puwede na siyang maghangout with Andrei?

Nagpaalam siya sa dalawa. “Excuse me lang sandali. May kailangan akong sabihin sa technical director and then I’ll be right back.”

Tumango si Andrei. “Sure. Don’t mind me kung may kailangan kang gawin. Dito lang ako,” sabi nito.

Tumingin si Wally sa binata, pagkatapos ay sa kanya bago ito nagsalita. “You stay here, Girl. Ako na lang kakausap kay Jimmy.”

May ibig ipahiwatig ang tingin na ipinukol nito sa kanya nang sabihin iyon.

Magpoprotesta pa sana siya sa napaka-obvious na intensyon nito na pagsolohin sila. “But I thought ayaw mong kinakausap ’yung...”

Pinutol nito ang sinasabi niya. “Sige na. Basta may kape kaya kong gawin kahit ano. Thanks again, Andrei. Kakausapin ko lang ang pinakapaborito kong tao sa buong mundo.” Pinag-cross nito ang mga mata para ipaalam sa kanila na kabaligtaran ang ibig sabihin noon. “I’ll see you guys later.”

Proposal At Sunset - Carla Giopaolo

Pagkaalis ng kaibigan, umupo silang dalawa sa hagdanan na siyang ikakabit mamaya sa itinatayong entablado, hindi kalayuan sa kinaroroonan nila.

May ilang crew na nagsisimulang magpasok ng lights and sound equipments.

Dahil hindi masyadong pamilyar si Andrei sa trabaho, nagsimula itong magtanong sa dalaga.

“Ano exactly ang papel mo sa lahat ng ito?”

Humigop siya ng kape bago sumagot. “I supervise everything na konektado sa production. Pero kapag ganitong set-up, mostly kailangan ko lang siguraduhin na everything goes well and on schedule. Kung may problema, I troubleshoot.”

“I see. How long have you been doing this?”

Siyempre, alam na nito ang kasagutan sa particular na tanong na iyon. Verification lang ang ginagawa nito and at the same time, epektibong opening gambit iyon para makakuha pa ng mga karagdagang information sakaling hindi kumpleto ang nalalaman nila.

“Siguro mga four to five years na,” simpleng sagot ng dalaga.

“Tapos ganito lagi? Hindi ka natutulog?”

Proposal At Sunset - Carla Giopaolo

Natawa siya. “Hindi naman parati. May mga panahon lang na ganito ka-hectic. Seasonal rin kasi ang pagdating ng mga projects so kailangang samantalain. Normally, after a couple of months lean season na for us.”

“But you also get to travel a lot?”

“Yup. That I like. Kaya lang minsan ni wala na akong panahong mag-explore ng lugar dahil dikit-dikit ang schedule ng appointments ko. Meetings lang with mga local counterpart at saka ocular inspection ’tapos lipat na ulit sa ibang lugar. Pag may shows naman, dumarating kami sa venue nang matagal na ’yung dalawang araw bago ang show o concert ’tapos aalis din kaagad pagkatapos.”

May time ka pa kaya para makipag-negotiate ng ibang bagay? naisip ni Andrei.

“Sino’ng kasama mo sa mga lakad?” sa halip ay tanong nito.

“Well, production people mostly. Para na kaming pamilya. Halos hindi na kami naghihiwalay kapag nasa mga ganoong tour. The artists come in later pag handa na ang lahat. And they normally keep to themselves.”

The investigator in him was functioning. Walang masyadong information na mapiga si Andrei. Kung accurate ang description ng dalaga ng schedules nito, imposible nang makapagsagawa pa ito ng negotiations on the side. At kung parating nasa grupo si Karen, lalong malabo na may kinalaman ito. Unless involved din ang mga kasamahan nito, which is unlikely.

“I see. What about your parents?”

“Parent,” she corrected. “Mommy died when I was young so si Daddy na lang. Okay naman siya although he worries about me all the time.”

He smiled naughtily. “I would worry about you if you were my daughter.”

Ginantihan nito ng ngiti ang comment na iyon ng binata.

“What does your father do?” patuloy na tanong niya.

“He used to be with the *Philippine Army* but he’s retired now,” she answered casually.

If he didn’t know any better, iisipin niyang ordinary military lang ang ama nito at hindi isang dating five-star general and a bemedalled one at that

because of the way she had said it.

“Any brothers or sisters?”

He felt lousy asking that particular question. Pero kailangan niyang itanong iyon dahil isa sa mga pinaka-questionable sa buhay ng pamilya ni Karen ay ang pagkamatay ng kapatid nito.

Her brother Bobby died in a car accident. Questionable iyon dahil Bobby used to be a popular racecar driver with no record of accidents or even a single traffic violation. Para sa isang competitive racer at mahusay na driver, ang ma-involve sa isang aksidenteng katulad ng kinasangkutan nito ay nagbigay daan sa napakaraming mga katanungan na hindi naman sinuportahan ng pamilya nito para mabigyang linaw. Bobby’s remains were brought home sa isang sealed casket. Hindi pumayag ang pamilya sa autopsy.

Hanggang ngayon, nararamdaman niya ang bahagyang pagwi-withdraw ng dalaga sa tanong ukol sa nakatatandang kapatid. Halatang ayaw nitong dalhin doon ang usapan.

“I had a brother but he... he died a few years back.”

“I’m sorry.”

Umiling ito. “It’s okay.”

Hindi na nito pinalawig ang usapan tungkol sa kapatid. Instead, she made a visible effort to brighten up. “I have a stepsister though. Anak ng second wife ni Daddy,” paliwanag nito.

Ngumiti ito nang tila biglang may maalala. “Which reminds me, it’s her birthday next Thursday. May dinner sa bahay. Would you like to come?”

Naisip nito na magandang paraan iyon para pasalamatang ang binata sa mga ginawa para rito.

Humigop siya ng lumalamig na niyang kape. “I’d like that.”